**8 August 2018**
**ABISO**
**Libreng Transportasyon o Hatid Para sa Mga Aplikante sa 3+1 Program**

Nais ipagbigay alam ng Embahada ng Pilipinas sa Kuala Lumpur sa mga Pilipinong nasa Malaysia na bilang karagdagang tulong sa mga Pilipinong nais pang mag-apply sa Voluntary Deportation (3+1) Program ng Malaysia na magtatapos na sa August 30, ang Embahada ay magbibigay ng **libreng transportasyon o hatid** mula sa Embahada papunta sa Immigration Office sa Putrajaya sa mga sumusunod na araw:

August 13 (Monday)
August 15 (Wednesday)
August 20 (Monday)
August 23 (Thursday)
August 27 (Monday)

Magtatalaga din ng Consular Officer ang Embahada para mag-assist at samahan ang mga Pilipinong aplikante sa Immigration Office sa mga araw na iyon. May hanggang 50 na katao ang pwedeng maihatid sa bawat araw at ang serbisyong ito ay nasa first come-first serve basis.

**Para mag-sign up**, i-download at ifill-out ang Transportation Service Appointment Form at ipadala sa klpetdteam@gmail.com. Kung ang application ay para sa isang grupo (hal. pamilya) kailangan mag fill out ng isang form para sa bawat miyembro ng grupo.

I-click ang link na ito para mag-download ng Transportation Service Appointment Form: (LINK)

Kayo ay makakatanggap ng confirmation message na magco-confirm ng inyong appointment.

**Sa araw ng inyong appointment**, gawin lamang ang mga sumusunod:

- Siguraduhing nasa Embahada nang 8:30 a.m.
- I-presenta ang inyong confirmation message sa Embassy guard
- Dalhin ang mga sumusunod na isa-submit sa Immigration Office –
    - Valid passport or travel document
    - RM 400 na fee para sa Exit Pass

Maaari ding magdala ng snack sa pagkakataong kailangang maghintay sa Immigration Office.

**Tandaan**: Siguraduhing mayroong confirmed ticket pauwi sa Pilipinas na may date of departure na nasa loob ng limang araw mula sa araw ng pagka-isyu ng exit pass.